Australian Government

Aged Care Quality and Safety Commission

[Insert name of Home]

[Insert Racsid of Home]

Ang mga tagatasa ng kalidad mula sa Aged Care Quality and Safety Commission (Komisyon) ay bibisita upang suriin ang kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo sa

[Home Name]

Ang pagtatasang ito ay tinatawag na pag-audit ng lugar (site audit). Ang pag-audit ay hindi ibinabalita, kaya hindi malalaman ng serbisyo kung aling araw o linggo isasagawa ang pag-audit.

Kapag bumisita ang mga tagatasa ng kalidad sa pasilidad, ikaw (o ang taong kumakatawan sa iyo) ay bibigyan ng pagkakataon na makipag-usap sa isang tagatasa tungkol sa kalidad ng iyong pangangalaga at mga serbisyo.

Ikaw (o ang taong kumakatawan sa iyo) ay maaari ring magbigay ng impormasyon bago ang pag-audit. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagtawag sa Komisyon sa **1800 951 822 (pindutin ang opsiyon 2)** o pagkumpleto ng isang online survey sa Komisyon.

Ang survey ay magtatanong tungkol sa iyong karanasan sa kalidad at kaligtasan ng iyong serbisyo sa pangangalaga ng matatanda. Maaari mong ma-access ang survey na ito sa sumusunod na address: **https://www.agedcarequality.gov.au/consumer-feedback.** Para buksan ang survey, gamitin ang code na [Insert Home Racsid]

Iginagalang ng Komisyon ang pagkapribado ng iyong impormasyon at hindi magbibigay sa amin ng mga detalye na iyong tinalakay sa kanila, maliban kung sumang-ayon ka rito, o kung sila ay masyadong nababahala tungkol sa iyong pangangalaga.

Ang iyong personal na impormasyon at mga puna ay gagamitin ng mga tagatasa ng kalidad kapag nagsasagawa ng pag-audit sa site, at kapag naghahanda rin sila ng kanilang ulat tungkol sa kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo na ibinigay dito.

Para sa impormasyon tungkol sa polisiya at mga gawi sa pagkapribado ng Komisyon, mangyaring sumangguni sa website ng Komisyon sa agedcarequality.gov.au o makipag-ugnayan sa Komisyon sa **1800 951 822**.

Kung kailangan mo ng tulong ng interpreter, tumawag lamang sa Translating and Interpreting Service (TIS) sa **131 450** at hilingin ang Aged Care Quality and Safety Commission.